Republic of the Philippines
CITY COUNCIL
City of Manila

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 152

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 522
**Serye ng 2024**

**KAPASIYAHAN** NA NAGPAPAABOT NG PAKIKIRAMAY SA PAMILYA NINA GINOONG LEONARDO "FATHER REMY" G. MONTEVERDE NA YUMAO NOONG IKA-29 NG HULYO TAONG 2024 SA EDAD NA WALUMPU'T ANIM (86) AT NI GINANG LILY "MOTHER LILY" YU MONTEVERDE NA YUMAO NOONG IKA-4 NG AGOSTO TAONG 2024 SA EDAD NA WALUMPU'T LIMA (85)


MGA MAY AKDA:

**HON. JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ**

at

**HON. ERNESTO C. ISIP, JR.**
Punong Mayorya

SAPAGKAT, si Ginoong Leonardo "Father Remy" Monteverde na ipinanganak noong ika-25 ng Disyembre taong 1937 kabiyak ng may-ari ng Regal Films na si Ginang Lily Monteverde;

SAPAGKAT, si Father Remy ay dating manlalaro ng basketball na naglaro sa San Beda noong siya ay nasa ikalawang antas ng edukasyon at sa Mapua naman noong siya ay nasa kolehiyo;

SAPAGKAT, si Ginang Lily Monteverde, mas kilalang "Mother Lily" sa mundo ng showbiz na ipinanganak noong ika-19 ng Agosto taong 1939;

SAPAGKAT, si Mother Lily ay isa sa mga unang prodyuser ng pelikula na gumawa ng mga iba't ibang uri ng lokal na pelikula na tumabo sa takilya simula 1970s hanggang sa kasalukuyan. Ilan lamang dito ay ang "Shake, Rattle, & Roll", "Mano po", "Scorpio Nights" at marami pang iba;

SAPAGKAT, si Mother Lily rin ang tumulong para makilala at umusad ang karera sa industriya at higit sa lahat namayagpag at sumikat sa kani-kanilang panahon ng kanyang mga "Regal Babies," gaya na lamang nina Alma Moreno, Gabby Concepcion, William at Albert Martinez, Snooky Serna, Dina Bonnevie, Ruffa Gutierrez at ang Diamond Star na si Maricel Soriano at marami pang iba. Isa siya sa naging pundasyon at nagbigay ng pagkakataon sa mga bagong gumagawa ng pelikula upang makilala at mahasa ang mga ito;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Panlungsod ng Maynila ay lubos na nakikiramay sa pamilya ng mga yumao: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na nagpapaabot ng pakikiramay sa pamilya nina Ginoong Leonardo “Father Remy” G. Monteverde na yumao noong ika-29 ng Hulyo taong 2024 sa edad na walumpu’t anim (86) at ni Ginang Lily “Mother Lily” Yu Monteverde na yumao noong ika-4 ng Agosto taong 2024 sa edad na walumpu’t lima (85); at MANGYARING MULI

IPASIYA, na and mga sipi ng Kapasiyahan na ito ay ipamahagi sa pamilya ng mga yumaong sina Ginoong Leonardo "Father Remy" G. Monteverde at Ginang Lily "Mother Lily" Yu Monteverde.

PINAMUNUAN NI:

**JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 15 ng Agosto 2024.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**JMG/RRB: acl/jok/cpf/hpr/jrp**